REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

Tanggapan ng Sangguniang Bayan

KAPASIYAHAN BILANG 91-183

KAPASIYAHAN NA HINIHILING SA KONGRESO NG PILIPINAS NA PAGTIBAYIN ANG PANUKALANG BATAS NA NAGHIHIWALAY SA BAYAN NG MUNTINLUPA AT BAYAN NG LAS PIÑAS BILANG IISANG DISTRITONG PANGKAPULUNGAN (CONGRESSIONAL DISTRICT) AT ANG PAGLIKHA NG ISANG DISTRITONG PANGKAPULUNGAN NA KIKILALANIN BILANG ISANG DISTRITONG PANGKAPULUNGAN NG MUNTINLUPA.

* * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * *

SAPAGKAT, itinatakda sa Saligang Batas ng Pilipinas na "bawat distritong pangkapulungan"( Congressional district) ay dapat buuin, hangga't maaari, ng teritoryong magkakaratig, buo at magkakatabi. Ang bawat lungsod na ang populasyon ay dalawang daa't limampung libo man lamang (250,000), o ang bawat lalawigan, ay dapat magkaroon ng isa man lamang kinatawan."(Tal. 3, Sek. 5, Art. VI, Underscoring Supplied);

SAPAGKAT, itinatakda rin dito na "sa loob ng tatlong taon kasunod ng ulat ng bawat sensus, ang kongreso ay dapat gumawa ng muling pagbabahagi-bahagi ng mga distritong pangkapulungan batay sa mga pamantayang itinatadhana sa seksyong ito" (Talata 4, Sek. 5, Art. VI);

SAPAGKAT, ang Sek. 1 ng ordinansa na naghahati sa mga kagawad ng Mababang Kapulungan ng Pilipinas sa iba't-ibang distritong pambatasan (legislative district) sa mga lalawigan at lungsod at Metropolitan Manila Area na nagtatakda na "para sa layunin ng paghahalal ng mga kagawad ng Mababang Kapulungan ng sa Unang Kapulungan ng Pilipinas ( First Congress of the Philippines) sa ilalim ng Saligang Batas na ipinanukala sa 1986 Constitutional Commission at sa mga susunod na halalan, at hangga't ipinapahintulot ng batas, ang mga kagawad ay kailangang ihahalal mula sa distritong pambatasan na hinati-hati sa mga lalawigan, lungsod at Metropolitan Manila Area katulad ng mga sumusunod . . Las Piñas at Muntinlupa, isa (1) .. ";

SAPAGKAT, isinasaad din sa Sek. 3 ng nasabing ordinansa na ang bawat lalawigan na lilikhain, o anumang lungsod na may populasyong hihigit sa dalawang daa't limampung libo, ang isa sa mga kagawad o ang mga kagawad ng kapulungan ay pinapahintulutan isinasaad sa Talata 3, Sek. 5, ng Artikulo VI ng Saligang Batas . . " (Underscoring Supplied);

SAPAGKAT, ang paghihiwalay ng Muntinlupa at Las Piñas bilang isang distritong pangkapulungan ay lubhang kinakailangan sanhi ng patuloy na pagdaragdag ng populasyon ng mga nabanggit na munisipyo at ang malubhang pangangailangan sa paghahatid ng serbisyo sa mga mamamayan;

SAPAGKAT, batay sa tala ng National Census and Statistics Office (NCSO) ay may 276,972 ang bilang ng populasyon ng Muntinlupa noong Disyembre, 1990;

SAPAGKAT, ang pagbukod ng Muntinlupa bilang isang purok pangkapulungan ay makababawas sa gugulin sa halalan at makapagbibigay ng pagkakataon sa mga mahihirap na nagnanais makapaglingkod sa bayan;

SAPAGKAT, sa ilalim ng kasalukuyang kalagayan ay hindi kasiya-siya na tumakbo para sa kapulungan ng Las Piñas at Muntinlupa kung isasaalang-alang ang magugugol sa halalan at ang maikling tatlong taong panunungkulan na itinatakda sa Saligang Batas para sa kagawad ng Mababang Kapulungan na mahahalal sa darating na halalan sa 1992;

SAPAGKAT, matapos ang marapat na pagsangguni sa mga mamamayan ng Muntinlupa ay nagpahayag sila ng mataos na pagsuporta sa paghihiwalay n ng nasabing umiiral na distrito at sa paglikha ng bagong distritong pangkapulungan ng Muntinlupa;

NGAYON, DAHIL DITO, ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ay pinagtitibay ang kapasiyahan na humihiling sa Mababang Kapulungan ng Pilipinas na pagtibayin ang batas na naghihiwalay sa mga Pamahalaang Bayan ng Muntinlupa at Las Piñas bilang iisang distritong pangkapulungan at ang paglikha ng isang distritong pangkapulungan na kikilalanin bilang isang distritong pangkapulungan ng Muntinlupa;

Pinagpasiyahan pang muli na personal na iabot ni Kgg. Ignacio R. Bunye, Punong Bayan at Pinunong Opisyal ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa, Kalakhang Maynila, ang sipi ng Kapasiyahang ito sa Kgg. Ramon V. Mitra, Jr. Speaker ng Mababang Kapulungan.

PINAGTIBAY ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa, Kalakhang Maynila sa kanilang pang 149 pangkaraniwang pulong na ginanap ngayong ika- 1 ng Abril sa sa Sala ng Pambayang Hukumang Taga-usig.

Mggl. IGNACIO R. BUNYE
Punong Bayan/Pangulong Opisyal

Mggl. JAIME R. FRESNEDI
Pang.Punong Bayan/Pang.Pangulong Opisyal

Kgg. CARLO G. TENSUAN
Konsehal

Kgg. ALEJANDRO L. MARTINEZ
Konsehal

Kgg. EPIFANIO A. ESPELETA
Konsehal

Kgg. REY E. BULAY
Konsehal

Kgg. LUCIO B. CONSTANTINO
Konsehal

Kgg. ROMAN E. NIEFES
Konsehal

REPUBLIKA NG PILIPINAS

**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**

KALAKHANG MAYNILA

**Tanggapan ng Sangguniang Bayan**



Kgg. NEMESIO O. MOZO
**Konsehal**

Kgg. RUFINO B. JOAQUIN
**Konsehal**

Kgg. ROGER C. SMITH
**Konsehal**

Kgg. NOLASCO L. DIAZ
**Konsehal**

Kgg. VICENTE YU CHUA
**Konsehal**

PINATOTOHANAN :

PETER B. SALONGA
**Pambayang Kalihim**

PBS/vts